# magpapapasok sa kanya si Allāh sa Paraiso ayon sa anumang [nasa kanya] na gawa."}

Ayon kay `Ubādah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang sumaksi na walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: nang walang katambal sa Kanya; na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya; na si Jesus ay lingkod ni Allāh, sugo Niya, salita Niya na ipinarating Niya kay Maria, at isang espiritu mula sa Kanya; at [sumaksi na] ang Paraiso ay totoo at ang Impiyerno ay totoo; magpapapasok sa kanya si Allāh sa Paraiso ayon sa anumang [nasa kanya] na gawa."}
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nagpapabatid sa atin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang bumigkas ng Pangungusap ng Tawḥīd habang nakakikilala sa kahulugan nito, habang gumagawa sa hiling nito sumaksi sa pagkamananamba ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mensahe niya; kumilala sa pagkamananamba ni Jesus, at mensahe niya, at na si Allāh ay lumikha sa kanya sa pamamagitan ng pagsabi ng: "Mangyari" saka nangyari naman, na siya ay isang espiritu kabilang sa mga espiritu na nilikha ni Allāh, at naniwala sa kainosentehan ng ina niya laban sa inuugnay rito ng mga Hudyo, at sumampalataya na ang Paraiso ay totoo at na ang Impiyerno ay totoo, na naniniwala sa kairalan ng dalawang ito, at na ang dalawang ito ay kaginhawahan at pagdurusang idudulot ni Allāh; at namatay ayon doon; ang kahahantungan niya ay tungo sa Paraiso kahit pa siya noon ay nagkukulang sa mga pagtalima at mayroon siyang mga pagkakasala.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee